Mga ibang epekto pagkatapos ng bakuna sa COVID-19

Ang malubhang allergic reaction pagkatapos makatanggap ng bakuna sa COVID-19 ay **bihira. Pagkatapos ng bakuna sa COVID-19, maaaring magkaroon ka ng mga banayad na sintomas habang gumagawa ang katawan mo ng proteksyon.**

TAPATANG USAPAN TUNGKOL SA COVID-19

Kadalasang ibang epekto

Ang mga banayad na sintomas na kailangang mawala na nang **ilang araw** pagkatapos ng bakuna sa COVID-19 ay ang mga:

- Pamumula, pananakit o pamamaga sa braso kung saan ka tinurokan
- Banayad na lagnat, panginginig, pananakit ng ulo, o pagkapagod

Malubhang allergic reaction

Ang malubhang allergic reaction pagkatapos makatanggap ng bakuna sa COVID-19 ay bihira. **Tumawag sa 9-1-1 o magpatingin agad kung mayroon kang mga sintomas.**

Ang lugar sa pagbabakuna ay handang tumulong sa mga taong kaagad na may allergic reaction. Manatili sa lugar ng pagbabakuna ng kahit 15 minuto pagkatapos mabakunahan.

Mabuting malaman

- **Hindi** ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna.
- **Maaaring nahawaan ka** ng COVID-19 bago ka nagpabakuna at ngayon mo lang naramdaman ang mga sintomas ng virus.
- **Tumawag sa iyong healthcare provider** kung mayroon kang ubo, hirap sa paghinga, makating lalamunan, nawalan ng panlasa o pang-amoy, o nababahala ka sa mga ibang epekto at parang hindi nawawala pagkatapos ng ilang araw.

Kunin ang iyong LIBRENG bakuna!

Para maipaalam sa CDC ang anumang mga ibang epekto, maaari kang mag-sign up ng **libre, kumuha ng smartphone tool sa V-Safe Pagkatapos ng Vaccine Health Checker (vsafe.cdc.gov)**.

Alamin pa sa VDH Patient Education - Impormasyon sa Bakuna
(vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine/patient-education/)

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH